


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 6: Mga Karapatan at Tungkulin bilang Isang Mamimili



Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 6: Mga Karapatan at Tungkulin bilang Isang Mamimili

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Dorisa S. Cunting, Noeme S. Santillan, Precious Ann A. Breva

Editor: Mohamar D. Rindo, Ryan G. Tulod, Jeneliza C. Panes

Tagasuri: Alma L. Carbonilla, Nelson S. Lasagas

Tagaguhit: Mervin I. Musil

Tagalapat: Rowena J. Cortez, Leizel C. Caballero

Tagapamahala:

Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Majarani M. Jacinto

Juliet A. Magallanes

Florencio R. Caballero

Alma D. Belarmino

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 6:

Mga Karapatan at Tungkulin

bilang Isang Mamimili

Dorisa S. Cunting, et. al.

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap
Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay.	Ang mga mag-aaral ay naisasabuhay ang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay.

Mga Nilalaman (Paksa/ Aralin)

1. Mga Karapatan at Tungkulin Bilang Isang Mamimili
 - 1.1 Walong Karapatan Ng Mamimili
 - 1.2 Limang Pananagutan Ng Mga Mamimili
 - 1.3 *Consumer Protection Agencies*


Mga Pamantayan sa Pagkatuto

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. Naipagtatangol ang mga karapatan at nagagampanan ang mga tungkulin bilang isang mamimili. **AP9MKE-Ih-18**

Sa nakaraang aralin, natutunan ang tungkol sa konsepto ng pagkonsumo. Dito nasusuri na sa isang ekonomiyang walang matutugunan na pangangailangan at kagustuhan ng tao kung hindi gagamit o lilikha ng produkto.

Sa modyul na ito ay mapag-aaralan ang tungkol sa karapatan at tungkulin ng mamimili. Sa usapin pa lamang ng pag-aanunsiyo, masusuri na may potensiyal na panganib na maibubunga nito sa pagkonsumo ng mamimili. Dahil dito kinikilala ng pamahalaan ang mga karapatan ng mga mamimili at maging ang mga responsibilidad na dapat gampanan ng isang mamimili.



Subukin

Panimulang Gawain: Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpalabas ng karapatan ng mga mamimili upang maging gabay sa kanilang transaksyon sa pamilihan?
 - A. *Department of Labor and Employment*
 - B. *Department of Trade and Industry*
 - C. *Energy Regulatory Commission*
 - D. *Securities and Exchange Commission*
2. Sa paanong paraan mo maitataguyod ang karapatan sa tamang impormasyon?
 - A. Pag- aralan ang nakatatak sa etiketa ukol sa sangkap, dami at komposisyon sa produkto
 - B. Pahalagahan ang kalidad at hindi ang tatak ng produkto o serbisyong bibilhin
 - C. Palaging gumamit ng *recycled* na produkto upang mapangalagaan ang kapaligiran
 - D. Palagiang pumunta sa timbangan ng bayan upang matiyak na husto ang bibilhing produkto
3. Bumili si Maria ng *lipstick* sa *mall* ngunit nang ito ay kanyang ginamit naging sanhi ito ng pamamaga ng kanyang labi. Anong karapatan ang dapat ipaglaban dito?
 - A. Karapatang Dinggin
 - B. Karapatan sa Kaligtasan
 - C. Karapatang Pumili
 - D. Karapatan sa mga Pangunahing Pangangailangan
4. Ito ay nagtataglay ng karapatan sa katalinuhan at kaalaman na kinakailangan upang makagawa ng hakbanging makatutulong sa mga desisyong pangmamimili.
 - A. Karapatan sa Pagtuturo Tungkol sa Pagiging Matalinong Mamimili
 - B. Karapatang Bayaran at Tumbasan sa Ano mang Kapinsalaan
 - C. Karapatan sa Palatastasan
 - D. Karapatan sa Isang Malinis na Kapaligiran

5. Aling batas ang nangangalaga sa kapakanan ng mamimili?
 - A. *Republic Act* 10368
 - B. *Republic Act* 7160
 - C. *Republic Act* 7394
 - D. *Republic Act* 9003

6. Tumutukoy sa karapatang maipahayag ang interes ng mga mamimili sa paggawa at pagsakatuparan ng mga patakaran at batas ng pamahalaan.
 - A. Karapatang Dinggin
 - B. Karapatang Pumili
 - C. Karapatan sa Kaligtasan
 - D. Karapatan sa Patalastasan

7. Ang mga sumusunod ay tungkulin ng mamimili **MALIBAN** sa isa.
 - A. Maipapahayag ang sarili at kumilos upang makatiyak sa makatarungang pakikitungo
 - B. Mabatid ang kahihinatnan ng ating kapaligiran bunga ng hindi wastong pagkonsumo
 - C. Magtatag ng samahang mamimili upang magkaroon ng lakas at kapangyarihang maitaguyod at mapangalagaan ang ating kapakanan
 - D. Makatiyak na ang kapakanan ng mamimili ay lubusang isaalang-alang sa paggawa at pagpapatupad ng anumang patakaran ng pamahalaan

8. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa pagiging listo at mausisa tungkol sa kung ano ang gamit, halaga, at kalidad ng mga paninda at paglilingkod na ating ginagamit?
 - A. Kamalayan sa Kapaligiran
 - B. May Alternatibo o Pamalit
 - C. Mapanuring Kamalayan
 - D. Pagmamalasakit na Panlipunan

9. Bakit mahalaga ang batas na nangangalaga sa karapatan ng mamimili?
 - A. Madali lamang matutunton ng pamahalaan ang mga negosyanteng lumalabag sa patakaran ng pagkonsumo
 - B. Nagbibigay-proteksiyon ito sa mga mamimili laban sa mga panganib sa pagkonsumo
 - C. Napapadali nito ang pamimili ng mga konsyumer sa mga tindahan
 - D. Pinangangalagaan nito ang mga nagmamay-ari ng tindahan o negosyo

10. Nagtitipid ka sa paggamit ng tubig at kuryente dahil batid mong ang pag-aaksaya nito ay magdulot ng kakulangan sa suplay at pagtaas sa presyo kung saan maraming mga konsyumer ang lalong mahihirapan sa buhay. Anong pananagutan ang iyong nagampanan?
 - A. Pagkilos
 - B. Kamalayan sa Kapaligiran
 - C. Mapanuring Kamalayan
 - D. Pagmamalasakit Panlipunan

11. Ito ay tumutugon sa reklamo laban sa pagbebenta ng di-wastong sukat o timbang ng mga gasolinahan at mga mangangalakal ng *Liquified Petroleum Gas*.
- A. *Energy Regulatory Commission*
 - B. *Department of Environment and Natural Resources*
 - C. *Fertilizer and Pesticide Authority*
 - D. *Securities and Exchange Commission*
12. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa pagiging makatuwiran?
- A. hindi nagpapadala sa popularidad ng produkto na may mataas na presyo
 - B. laging handa, alerto at mapagmasid sa mga maling gawain lalo na sa pagsusukli at paggamit ng timbangan
 - C. marunong humanap ng pamalit o panghalili na makatutugon din sa pangangailangang tinutugunan ng produktong dating binibili
 - D. sa pagpili ng isang produkto ay isinaalang-alang ang presyo at kalidad nito
13. Ito ay may tungkuling magtatag ng samahang mamimili upang magkaroon ng lakas at kapangyarihang maitaguyod at mapangalagaan ang ating kapakanan.
- A. Kamalayang Kapitaligiran
 - B. Mapanuring Kamalayan
 - C. Pagkilos
 - D. Pagkakaisa
14. Aling karapatan ng mamimili ang tumutukoy sa karapatang mapangalagaan laban sa mapanlinlang, madaya na patalastas, mga etiketa at iba pang hindi wasto at hindi matapat na gawain?
- A. Karapatang Dinggin
 - B. Karapatan sa Kaligtasan
 - C. Karapatan sa Patalastasan
 - D. Karapatang Pumili
15. Sumali si Nena sa isang organisasyon ng mga mamimili sa kanilang barangay upang magkaroon ng boses ang kanyang pangkat ukol sa mga usapin sa karapatan ng mamimili. Anong tungkulin ang ipinakita sa sitwasyong ito?
- A. Pagkilos
 - B. Pagkakaisa
 - C. Pagmamalasakit Panlipunan
 - D. Pagmamalasakit Pangkapaligiran

Aralin

6

Mga Karapatan at Tungkulin bilang Isang Mamimili



Balikan Natin

Gawain 1: Kumpletuhin Mo!

Panuto: Ipahayag ang nalalaman tungkol sa karapatan, tungkulin at *Consumer Protection Agencies* sa pamamagitan ng pagbuo sa mga pangungusap sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

Para sa akin ang karapatan ay _____

Ang tungkulin ay _____



Tuklasin

Gawain 2: Opinyon Ko, Ibahagi Ko!

Panuto: Basahin at unawain ang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Tanong: Ano ang iyong masasabi sa kasabihang “*customer is always right*”?



Suriin

Matapos mong malaman ang mga paunang impormasyon tungkol sa aralin, ngayon naman ay iyong lilinangin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga teksto at mga gawain na inihanda upang maging batayan mo ng impormasyon. Inaasahang magagabayan ka ng mga inihandang gawain at teksto na masagot kung bakit mahalagang maitaguyod ang mga karapatan at magampanan ang katungkulan ng bawat konsyumer tungo sa isang matatag na ekonomiya. Halika at umpisahan na ang masayang pagbabasa at pang-unawa sa paksa.

BATAS NA NANGANGALAGA SA KAPAKANAN NG MAMIMILI

Nakatakda sa *Republic Act 7394 (Consumer Act of the Philippines)* ang mga kalipunan ng mga patakarang nagbibigay ng proteksiyon at nangangalaga sa interes ng mamimili. Isinusulong din ng batas na ito ang kagalingang dapat makamit ng lahat ng mamimili. Itinatadhana ng batas na ito ang mga pamantayang dapat sundin sa pagsasagawa at operasyon ng mga negosyo at industriya. Ang sumusunod ang binibigyang- pansin ng batas na ito:

- a. Kaligtasan at proteksiyon ng mamimili laban sa panganib sa kalusugan at kaligtasan.
- b. Proteksiyon laban sa mapanlinlang at hindi makatarungang gawaing may kaugnayan sa operasyon ng mga negosyo at industriya.
- c. Pagkakataong madinig ang reklamo at hinaing ng mamimili.
- d. Representasyon ng kinatawan ng mga samahan at mamimili sa pagbalangkas at pagbuo ng mga patakarang pangkabuhayan at panlipunan.

Walong Karapatan ng Mamimili

Ang Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (*Department of Trade and Industry o DTI*) ay naglabas ng walong karapatan ng mga mamimili upang maging gabay sa kanilang transaksyon sa pamilihan.

1. Karapatan sa mga Pangunahing Pangangailangan

May karapatan sa sapat na pagkain, pananamit, masisilungan, pangangalagang pangkalusugan, edukasyon at kalinisan upang mabuhay.

2. Karapatan sa Kaligtasan

May karapatang bigyan ng katiyakang ligtas at mapangangalagaan ka laban sa pangangalakal ng mga panindang makasasama o mapanganib sa iyong kalusugan.

3. Karapatan sa Patalastasan

May karapatang mapangalagaan laban sa mapanlinlang, madaya at mapanligaw na patalastas, mga etiketa at iba pang hindi wasto at hindi matapat na gawain. Ito ay kailangang malaman ng mga mamimili upang maiwasan ang pagsasamantala ng iba.

4. Karapatang Pumili

May karapatang pumili ng iba't ibang produkto at paglilingkod sa halagang kaya mo. Kung ito ay monopolisado ng pribadong kompanya man, dapat na magkaroon ka ng katiyakan sa kasiya-siyang uri at halaga ng produkto nila.

5. Karapatang Dinggin

May karapatang makatiyak na ang kapakanan na mamimili ay lubusang isinaalang-alang sa paggawa at pagpapatupad ng anumang patakaran ng pamahalaan.

6. Karapatang Bayaran at Tumbasan sa Ano mang Kapinsalaan

May karapatang bayaran at tumbasan sa ano mang kapinsalaan na nagbuhat sa produkto na binili mo. May karapatan kang mabayaran sa ano mang kasinungalingan o mababang uri ng paninda o paglilingkod na ibibigay o ipinagbibili kahit na ito ay sa pagkakamali, kapabayaan o masamang hangarin. Dapat na magkaroon ng walang bayad na tulong sa pagtatanggol sa hukuman o nang pag-aayos sa paghahabol.

7. Karapatan sa Pagtuturo Tungkol sa Pagiging Matalinong Mamimili

May karapatan sa *consumer education*, nagtatanong at nagtatanggol sa iyong karapatan. Ito ay nagtataglay ng karapatan sa katalinuhan at kaalaman na kinakailangan upang makagawa ng hakbanging makatutulong sa mga desisyong pangmamimili.

8. Karapatan sa Isang Malinis na Kapaligiran

May karapatan sa kalayaan, pagkakapantay- pantay at sapat na mga kalagayan sa buhay na nagbibigay pahintulot sa isang marangal at maayos na pagkatao at ikaw ay may malaking pananagutan na pangalagaan at pagbutihin ang iyong kapaligiran para sa kalusugan at kinabukasan ng ating saling lahi.

Limang Pananagutan ng mga Mamimili

Ang Kagawaran ng Kalakalan at Industriya ay nagpalaganap rin ng limang pananagutan ng mga mamimili. Ang sumusunod ay ang mga pananagutang binabanggit:

1. **Mapanuring Kamalayan** – ang tungkuling maging listo at mausisa tungkol sa kung ano ang gamit, halaga, at kalidad ng mga paninda at paglilingkod na ating ginagamit.
2. **Pagkilos**- ang tungkuling maipahayag ang ating sarili at kumilos upang makatiyak sa makatarungang pakikitungo. Kung tayo’y mananatili sa pagwawalang-bahala, patuloy tayong pagsasamantalahan ng mga mandarayang mangangalakal.
3. **Pagmamalaskit na Panlipunan**- ang tungkulin na alamin kung ano ang ibubunga ng ating pagkonsumo ng mga kalakal at serbisyo sa ibang mamamayan, lalo na ang pangkat ng maliliit o walang kapangyarihan, maging ito ay sa lokal, pambansa, o pandaigdig na komunidad.
4. **Kamalayan sa Kapaligiran**- ang tungkulin na mabatid ang kahihinatnan ng ating kapaligiran bunga ng hindi wastong pagkonsumo. Kailangang pangalagaan natin ang ating likas na kayamanan para sa ating kinabukasan.
5. **Pagkakaisa**- ang tungkuling magtatag ng samahang mamimili upang magkaroon ng lakas at kapangyarihang maitataguyod at mapangalagaan ang ating kapakanan.

Consumer Protection Agencies


Ang sumusunod ay mga ahensiya ng pamahalaan na tumutulong upang maisulong ang kapakanan ng mga mamimili:

- Bureau of Food and Drugs (BFAD)* - hinggil sa hinaluan/ pinagbabawal/ maling etiketa ng gamot, pagkain, pabango, at *make-up*.
- City/Provincial/Municipal Treasurer* - hinggil sa timbang at sukat, madayang (*tampered*) timbangan at mapanlinlang na pagsukat.
- Department of Trade and Industry (DTI)* - hinggil sa paglabag sa batas ng kalakalan at industriya- maling etiketa ng mga produkto, madaya at mapanlinlang na gawain ng mga mangangalakal.
- Energy Regulatory Commission (ERC)* - reklamo laban sa pagbebenta ng di-wastong sukat o timbang ng mga gasolinahan at mga mangangalakal ng “*Liquified Petroleum Gas*”.
- Environmental Management Bureau (DENR- EMB)*- namamahala sa pangangalaga sa kapaligiran (polusyon- halimbawa ay pagsalaula sa hangin at tubig).
- Fertilizer and Pesticide Authority (FPA)* - hinggil sa hinaluan/ pinagbabawal/ maling etiketa ng pamatay-insekto at pamatay-salot.
- Housing & Land Use Regulatory Board (HLURB)* - nangangalaga sa mga bumibili ng bahay at lupa pati na rin ang mga *subdivision*.
- Insurance Commission*- hinggil sa hindi pagbabayad ng kabayaran ng seguro.
- Philippine Overseas Employment Administration (POEA)* - reklamo laban sa *illegal recruitment activities*.
- Professional Regulatory Commission (PRC)* - hinggil sa mga hindi matapat na pagsasagawa ng propesyon kabilang na ang mga *accountant, doctor, engineer*, at iba pa.

Securities & Exchange Commission (SEC) - hinggil sa paglabag sa binagong Securities Act tulad ng *pyramiding* na gawain

Pamprosesong Tanong:


1. Alin sa mga karapatan ng mga mamimili ang madalas na hindi napahahalagahan? Magbigay ng sitwasyon.
2. Paano nakakatulong ang iba't ibang ahensiya ng pamahalaan sa mga mamimili?
3. Bakit ang mamimili ay mahalagang maging responsable sa pamimili at pagdedesisyon?
4. Paano maipagtatanggol ng mamimili ang kanyang mga karapatan at magagampanan ang kanyang tungkulin bilang isang mamimili?



Pagyamanin

Gawain 3. Word Map

Panuto: Punan ang *word map* ng konsepto mula sa nabasang mga paksa. Isulat sa sagutang papel ang sagot.




Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa mga karapatang ito ang madalas na nakakaligtaan ng mga mamimili?
2. Bakit kailangang mabatid mo ang iyong mga karapatan bilang mamimili?

Gawain 4. Idea Web

Panuto: Ibigay ang hinihiling sa kahon. Isulat sa sagutang papel ang sagot.




Pamprosesong Tanong:

1. Ano-anong proteksiyon ang inilalaan ng mga ahensiyang ito para sa mga mamimili? Magbigay ng tatlong (3) halimbawa.
2. Bakit mahalaga ang mga *Consumer Protection Agencies*?

Gawain 5. Puno ng Kaalaman

Panuto: Isulat sa loob ng dahon ang iba't ibang pananagutan ng mamimili.



Pamprosesong Tanong:


1. Bakit kailangang maging listo at mausisa tungkol sa gamit, halaga o kalidad ng panindang binili? Magbigay ng sitwasyon.
2. Paano mo maisasakatuparan ang iyong pananagutan bilang isang mamimili?



Isaisip

Mga mahahalagang kaalaman na dapat tandaan:

1. Binibigyan ng malawak na karapatan ng pamahalaan ang bawat mamimili sa pamamagitan ng *Consumer Act of the Philippines*.
2. Tungkulin ng mamimili ang pagiging responsable sa kanyang pamimili at pagdedesisyon.
3. Upang maging responsableng mamimili kinakailangang maitakda ang sarili niyang pangangailangan at kagustuhan.
4. Mahalagang magbayad ng wastong halaga ang mamimili para sa kanyang pagkonsumo.
5. Pangunahin sa mga tungkulin ng *Department of Trade and Industry* o DTI ang pagtiyak sa kalidad at kaligtasan ng mga produkto.
6. Mahalagang sundin ng mamimili ang mga payong hakbangin sa pagkonsumo ng bilingin.
7. Ang mga babala at paalala na nakatatak sa isang produkto ay kailangang basahin ng mamimili bilang impormasyon.
8. Sa usapin pa lamang ng pag-aanunsyo masusuri na may potensiyal na panganib na maibubunga sa kanilang sarili ang pagkonsumo ng mamimili.
9. Dapat ipakita natin ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagtangkilik sa mga produktong gawa ng kapwa nating mga Pilipino at bilhin ang Likhang-Pilipino.
10. Tandaan na ang pagkonsumo ng produktong dayuhan ay nakapagpababa ng kita ng bansa.



Isagawa

Gawain 6: Punan Ako!

Panuto: Sagutin ang tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

Tanong:

Ano ang iyong gagawin kung ikaw ay nahaharap sa sitwasyong kailangan mong ipagtanggol ang iyong karapatan bilang mamimili?

Sagot:



Tayahin

Panghuling Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Aling batas ang nangangalaga sa kapakanan ng mamimili?
 - A. *Republic Act 7394*
 - B. *Republic Act 9003*
 - C. *Republic Act 10368*
 - D. *Republic Act 7160*

2. Ang mga sumusunod ay tungkulin ng mamimili **MALIBAN** sa isa.
 - A. Mabatid ang kahihinatnan ng ating kapaligiran bunga ng hindi wastong pagkonsumo
 - B. Magtatag ng samahang mamimili upang magkaroon ng lakas at kapangyarihang maitaguyod at mapangalagaan ang ating kapakanan
 - C. Makatiyak na ang kapakanan ng mamimili ay lubusang isaalang-alang sa paggawa at pagpapatupad ng anumang patakaran ng pamahalaan
 - D. Maipapahayag ang sarili at kumilos upang makatiyak sa makatarungang pakikitungo

3. Sa paanong paraan mo maitataguyod ang karapatan sa tamang impormasyon?
 - A. Palagiang gumamit ng *recycled* na produkto upang mapangalagaan ang kapaligiran
 - B. Pag-aralan ang nakatatak sa etiketa ukol sa sangkap, dami at komposisyon sa produkto
 - C. Pahalagahan ang kalidad at hindi ang tatak ng produkto o serbisyong bibilhin
 - D. Palagiang pumunta sa timbangan ng bayan upang matiyak na husto ang bibilhing produkto

4. Alin sa mga sumusunod ang nagpalabas ng karapatan ng mga mamimili upang maging gabay sa kanilang transaksyon sa pamilihan?
 - A. *Department of Trade and Industry*
 - B. *Energy Regulatory Commission*
 - C. *Department of Labor and Employment*
 - D. *Securities and Exchange Commission*

5. Sumali si Nena sa isang organisasyon ng mga mamimili sa kanilang barangay upang magkaroon ng boses ang kanyang pangkat ukol sa mga usapin sa karapatan ng mamimili. Anong tungkulin ang ipinakita sa sitwasyong ito?
 - A. Pagkakaisa
 - B. Pagkilos
 - C. Pagmamalasakit Panlipunan
 - D. Pagmamalasakit Pangkapaligiran

6. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa pagiging makatwiran?
 - A. Hindi nagpapadala sa popularidad ng produkto na may mataas na presyo
 - B. Sa pagpili ng isang produkto ay isinaalang-alang ang presyo at kalidad nito
 - C. Laging handa, alerto at mapagmasid sa mga maling gawain lalo na sa pagsusukli at paggamit ng timbangan
 - D. Marunong humanap ng pamalit o panghalili na makatutugon din sa pangangailangang tinutugunan ng produktong dating binibili

7. Bumili si Maria ng *lipstick* sa *mall* ngunit nang ito ay kanyang ginamit naging sanhi ito ng pamamaga ng kanyang labi. Anong karapatan ang dapat ipaglaban dito?
 - A. Karapatang Dinggin
 - B. Karapatang Pumili
 - C. Karapatan sa Kaligtasan
 - D. Karapatan sa mga Pangunahing Pangangailangan

8. Tumutukoy sa karapatang maipahayag ang interes ng mga mamimili sa paggawa at pagsakatuparan ng mga patakaran at batas ng pamahalaan.
 - A. Karapatang Pumili
 - B. Karapatang Dinggin
 - C. Karapatan sa Kaligtasan
 - D. Karapatan sa Patalastasan

9. Ito ay tumutugon sa reklamo laban sa pagbebenta ng di-wastong sukat o timbang ng mga gasolinahan at mga mangangalakal ng *Liquified Petroleum Gas*.
 - A. *Fertilizer and Pesticide Authority*
 - B. *Securities and Exchange Commission*
 - C. *Energy Regulatory Commission*
 - D. *Department of Environment and Natural Resources*

10. Ang karapatan ng mamimili ang tumutukoy sa karapatang mapangalagaan laban sa mapanlinlang, madaya na patalastas, mga etiketa at iba pang hindi wasto at hindi matapat na gawain?
 - A. Karapatang Pumili
 - B. Karapatang Dinggin
 - C. Karapatan sa Kaligtasan
 - D. Karapatan sa Patalastasan


11. Ito ay may tungkuling magtatag ng samahang mamimili upang magkaroon ng lakas at kapangyarihang maitaguyod at mapangalagaan ang ating kapakanan.
 - A. Pagkilos
 - B. Pagkakaisa
 - C. Kamalayang Kapaligiran
 - D. Mapanuring Kamalayan

12. Nagtitipid ka sa paggamit ng tubig at kuryente dahil batid mong ang pag-aaksaya nito ay magdulot ng kakulangan sa supply at pagtaas sa presyo kung saan maraming mga konsyumer ang lalong mahihirapan sa buhay. Anong pananagutan ang iyong nagampanan?
 - A. Pagkilos
 - B. Mapanuring Kamalayan
 - C. Pagmamalasakit Panlipunan
 - D. Kamalayan sa Kapaligiran

13. Bakit mahalaga ang batas na nangangalaga sa karapatan ng mamimili?
 - A. Napapadali nito ang pamimili ng mga konsyumer sa mga tindahan
 - B. Pinangangalagaan nito ang mga nagmamay-ari ng tindahan o negosyo
 - C. Madali lamang matutunton ng pamahalaan ang mga negosyanteng lumalabag sa patakaran ng pagkonsumo
 - D. Nagbibigay-proteksiyon ito sa mga mamimili laban sa mga panganib sa pagkonsumo

14. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa pagiging listo at mausisa tungkol sa kung ano ang gamit, halaga, at kalidad ng mga paninda at paglilingkod na ating ginagamit?
 - A. Mapanuring Kamalayan
 - B. Kamalayan sa Kapaligiran
 - C. May Alternatibo o Pamalit
 - D. Pagmamalasakit na Panlipunan

15. Ito ay nagtataglay ng karapatan sa katalinuhan at kaalaman na kinakailangan upang makagawa ng hakbanging makatutulong sa mga desisyong pangmamimili.
 - A. Karapatan sa Palatastasan
 - B. Karapatan sa Isang Malinis na Kapaligiran
 - C. Karapatang Bayaran at Tumbasan sa Ano mang Kapinsalaan
 - D. Karapatan sa Pagtuturo Tungkol sa Pagiging Matalinong Mamimili



Karagdagang Gawain

Gawain 7: Karapatan Mo, Ipaglaban Mo!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon. Mamili lang ng isang sitwasyon. Sagutin at isulat ito sa sagutang papel.

Sitwasyon: Ipagpalagay na ikaw ay nakabili o nakagamit ng produkto o serbisyo na binabanggit sa ibaba. Gumawa ng *letter of complaint* na ipaparating sa kinauukulang ahensiya ng pamahalaan.

1. Depektibong *cellphone*
2. *Lip balm* na naging sanhi ng pamamaga ng iyong labi
3. *Double dead* na karne ng manok
4. Maling timbang ng asukal
5. Serbisyong *hair rebonding* na naging sanhi ng pagkasunog ng iyong buhok

Rubrik sa Pagsulat ng <i>Letter of Complaint</i>			
Kriterya	Deskripsiyon	Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman	Nakapaloob sa liham ang mahahalagang impormasyon ukol sa sitwasyong idinudulog sa ahensiya at ang karapatang nalabag.	40 pts	
Istilo	Malikhain ang pagkakasulat ng 'letter of complaint', pumili ang may-akda ng mga angkop na salita upang maipahayag ang kanyang saloobin ukol sa pagiging matalinong mamimili.	30 pts	
Mekaniks	Nasunod lahat ng mekaniks sa pagsulat ng liham.	30 pts	
	Kabuuang Puntos	100 pts	

Gawain 8: Paggawa ng Islogan

Panuto: Gumawa ng isang islogan na nagpapahayag ng pangangalaga sa karapatan ng mga mamimili. Maaaring gumamit ng *long bond paper* sa gawain at gamitin ang pamantayan ng pagmamarka bilang gabay.

Rubriks para sa Islogan

Kriterya	5 pts	4 pts	3	2
Nilalaman	Ang mensahe ay mabisang naipakita	Di-gaanong naipakita ang mensahe	Medyo magulo ang mensahe	Walang mensaheng naipakita
Pagkamalikhain	Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat ng titik	Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng titik	Magandangunit di-gaanong malinaw ang pagkakasulat ng titik	Di maganda at Malabo ang pagkakasulat ng titik
Kaugnayan sa paksa	May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan	Di-gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan	Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa	Walang kaugnayan sa paksa ang islogan
Kalinisan	Malinis na malinis ang pagkakabuo	Malinis ang pagkakabuo	Di-gaanong malinis ang pagkakabuo	Marumi ang pagkakabuo



Susi sa Pagwawasto

- Panang
Pagtataya
1. B
 2. A
 3. B
 4. A
 5. C
 6. A
 7. A
 8. C
 9. B
 10. D
 11. A
 12. D
 13. D
 14. C
 15. A

- Pagymarin:**
Gawain 3. Word Map
1. Karapatan sa mga pangunahing pangangailangan
 2. Karapatan sa Kaligtasan
 3. Karapatan sa Patalastasan
 4. Karapatang Pumili
 5. Karapatang Dinggin
 6. Karapatang Bayaran at Tumbasan sa Ano mang Kapinsalaan
 7. Karapatan sa Pagtuturo Tungkol sa Pagiging Matahimong Mammali
 8. Karapatan sa Isang Malinis na Kapaligiran

- Gawain 5. Puno ng Kaalaman
1. Mapanuring Kamalayan
 2. Pagkilos
 3. Pagmamalasakit na Panlipunan
 4. Kamalayan sa Kapaligiran
 5. Pagkatatasa

- Gawain 4. *Idea Web*
1. Bureau of Food and Drugs (BFAD)
 2. City/Provincial/Municipal Treasurer
 3. Department of Trade and Industry (DTI)
 4. Energy Regulatory Commission (ERC)
 5. Environmental Management Bureau (DENR-EMB)
 6. Fertilizer and Pesticide Authority (FPA)
 7. Housing & Land Use Regulatory Board (HLURB)
 8. Insurance Commission
 9. Philippine Overseas Employment Administration (POEA)
 10. Professional Regulatory Commission (PRC)
 11. Securities & Exchange Commission (SEC)

- Panghuling
Pagtataya
1. A
 2. D
 3. B
 4. A
 5. B
 6. B
 7. C
 8. B
 9. C
 10. D
 11. B
 12. C
 13. D
 14. A
 15. D

Mga Sanggunian:

Balitao, Bernard. *Ekonomiks: Araling panlipunan modyul para sa mag-aaral*. Philippines: Vibal Group, Inc., 2015.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph